

The second proposal is based on the dynamic changes which occur in a language. More specifically, it deals with the substitution of certain sounds for others. This substitution entails the emergence of ?, h or y in place of the expected regular sounds which are slowly becoming obsolete. Or at least, it is also possible that ?, h and y are merely transitions in the regular correspondence which having disappeared are now completely replaced by ?, h and y. This hypothesis is borne out by my several observations in several Philippine languages, of which I present many examples. In my comparison of the cognate set of twenty-nine Philippine languages, ?, h and y appear in positions normally occupied by the regular correspondence or the expected sounds.

I believe that further research along these lines will greatly aid the Filipino scholar in establishing a truly Filipino tradition in linguistics. He will then be in a more favorable position to tackle the local problems he faces which up to now have seemed to occupy only a small part of his attention.

TANONG: SAAN PAPUNTA ANG MGA DIKSYUNARI NG MGA WIKA NG MGA PILIPINO?

Ernesto Constantino

Departamento ng Linggwistika at mga Wika ng Asya
Unibersidad ng Pilipinas

1. Introduksyon

Sa aking report ngayon tungkol sa mga diksyunari ng mga wika ng mga Pilipino, pinili kong ilagay ang pokus sa mga layunin ng mga diksyunari limbis na sa kanilang bilang, uri, anyo at nilalaman. Naniniwala ako ang ganitong pag-aaral ay magbibigay sa atin ng mas malalim na kaalaman tungkol sa histori, direksyon at kalagayan ng leksikograpi sa Pilipinas. Naniniwala rin ako na ang bilang, uri, anyo at nilalaman ng mga diksyunari ay sumusunod lamang sa kanilang mga layunin.

Sa aking report ngayon, ililimit ko ang pagdiskas ng mga layunin sa mga praktikal na layunin. Sa ibang salita, gusto kong diskasin ang mga gamit ng mga diksyunari, noon, ngayon at sa hinaharap.

2. Panahon ng mga Kastila

Ang unang listahan ng mga salita ng isang wika ng Pilipinas — ang Sebuano — ay ginawa noong 1521 ni Antonio Pigafetta na kronikler ni Ferdinand Magellan. Ang listahang ito'y binubuo ng 168 na ordinaryong salitang Sebuano na binigyan ng kahulugan sa wikang Italyano. Ang una namang napablis na diksyunari ng isang wika ng Pilipinas ay lumabas noong 1613. Ito ang Vocabulario de la lengua Tagala ni Padre Pedro de San Buenaventura, isang Pransiskano.

Noong panahon ng mga Kastila sa Pilipinas, mga dalawampung diksyunari ng mga sampung wika natin ang napablis. Maliban sa mga ginawa ng mag-amang si Rosalio Serrano at Pedro Serrano Laktaw, lahat ng mga diksyunaring ito ay ginawa ng mga pareng Kastila.

Bilinggwal ang lahat ng mga diksyunaring lumabas noong panahon ng mga Kastila. Karamihan sa mga ito'y mula sa bernakular tungo sa Espanyol, at ang iba'y mula sa Espanyol tungo sa bernakular. Maliban sa ginawa ng mag-amang Serrano, ginawa ang mga diksyunaring ito para gamitin ng mga pareng Kastila sa kanilang pag-aaral ng mga wika ng mga Indio. Hindi ginawa ang mga diksyunaring ito para gamitin ng mga Pilipino sa pag-aaral ng kanilang mga sariling wika ng mga Kastila.

Pinag-aralan ng mga pareng Kastila ang mga wika ng mga Pilipino dahil sila'y gusto nilang gawin masunuring Kristyano sa kanilang sariling wika at hindi sa wikang Espanyol. Isa pa ring dahilan sa paggamit ng mga pareng Kastila ng mga wika natin at hindi ng wika nila o isa lang sa mga wika natin ay ayaw nilang magkaroon ang mga Pilipino ng isang wikang mag-uugnay sa kanilang lahat. Kayat ang paggawa ng mga Kastila ng mga diksyunari ng mga wika sa Pilipinas ay ginamit na instrumento sa kanilang pagsakop at pagsupil sa mga Pilipino.

Parang naiiba ng konti ang mga layunin ng mag-amang Serrano sa paggawa ng kanilang diksyunari. Parang ginawa nila ang kanilang diksyunaring Tagalog-Espanyol para sa mga Tagalog at iba pang Pilipino na marunong ng Tagalog na gustong mag-aral ng Espanyol. Ang kanilang diksyunaring Espanyol-Tagalog naman ay parang ginawa nila para gamitin ng sinumang marunong ng wikang Espanyol sa pag-aaral ng wikang Tagalog.

3. Panahon ng mga Amerikano

Nagpatuloy ang paglabas ng mga bilinggwal na diksyunari sa bernakular at Espanyol noong mga unang taon ng mga Amerikano sa Pilipinas. Parang ginawa ang mga diksyunaring para gamitin sa pag-aaral ng mga bernakular ng mga Pilipinong marunong ng wikang Espanyol. Ang mga gumawa ng mga diksyunaring ito ay mga Pilipino na rin na marunong ng wikang Espanyol na nagkaroon ng pagmamalasakit sa kanilang sariling wika pagdating ng wikang Ingles sa Pilipinas.

Nag-umpisa ring lumabas agad noong Panahon ng mga Amerikano ang mga bilinggwal na diksyunari sa Ingles at bernakular, at sa bernakular at Ingles. Ang layunin ng mga diksyunaring ito ay gamitin ng mga Amerikano sa pag-aaral ng bernakular at ng mga Pilipino sa pag-aaral ng Ingles. Mga Amerikano at Pilipino ang gumawa ng mga diksyunaring ito.

May lumabas rin sa panahong ito na ilang trilinggwal na diksyunari sa bernakular, Ingles at Espanyol na ang pangunahing layunin ay para gamitin sa pag-aaral ng wikang Ingles ng mga Pilipinong marunong ng wikang Espanyol.

Noong panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas, lumakas ang kilusan para sa Tagalog bilang wikang pambansa. Maraming pag-aaral tungkol sa Tagalog ang ginawa noong panahong ito na sadyang inihanda para sa pag-aaral ng wikang ito. Gayunman, walang lumabas na diksyu-

nari ng Tagalog kaugnay ng kilusang ito, maliban sa *A National Language-English Vocabulary* ng Institute of National Language. Isang diksyunari ng Pilipino, ang pangalan ng wikang gustong idebelop ni Eusebio Daluz bilang wikang pambansa ng Pilipinas, ang lumabas noong 1915.

4. Pagkatapos ng gyera

Pagkatapos ng nakaraang gyera, nagpatuloy ang paglabas ng mga bilinggwal na diksyunari sa bernakular at Ingles na ang layunin ay para gamitin sa pag-aaral ng Ingles. May ilang mga ganitong diksyunaring lumabas na ang layunin o gamit ay hindi lamang para sa pag-aaral ng Ingles kundi para rin sa pag-aaral ng Tagalog o Pilipino at sa pagsasalin sa wikang ito mula sa Ingles. Pinakapopular sa mga diksyunaring ito ngayon ang isang ginawa sa ilalim ng isang pareng dayuhan.

Kaugnay ng pagtuturo ng wikang pambansa sa mga eskwelahan, may mga trilinggwal at multilinggwal na diksyunaring lumabas para sa pag-aaral ng wikang pambansa. Sa mga diksyunaring ito, bukod sa Tagalog o Pilipino, parating kasama ang Ingles. Ang mga ibang kasamang wika ay ang mga bernakular.

5. Mga Obserbasyon

Tatlong bagay ang maliwanag sa nakaraang diskasyon tungkol sa leksikograpi sa Pilipinas. Una, karamihan sa mga nakagawa at gumagawa ng mga diksyunari ng mga wika natin ay mga dayuhan, lalo na ang mga dayuhang misyonero. Napakakokonti ang mga Pilipinong nakagawa o gumagawa kahit na ngayon ng mga diksyunari ang ating wika. Ikalawa, noong panahon ng mga Kastila, gumawa ang mga pareng Kastila ng mga diksyunari ng mga wika natin para gamitin ng mga kapwa rin nilang pareng Kastila sa pag-aaral ng mga wika natin. Ikatlo, ang pangungunang layunin ng mga diksyunaring lumabas mula noong panahon ng mga Amerikano hanggang sa ngayon ay para gamitin ang mga ito ng mga Pilipino sa pag-aaral ng Ingles; ang pumapangalawang layunin ay para magamit ang mga diksyunaring ito ng mga marunong ng Ingles, lalo na ang mga Amerikano, sa pag-aaral at pag-unawa ng wika at kultura ng mga Pilipino. Bilang halimbawa nito, babasahin ko ang sinabi ng gumawa ng isang diksyunari ng Bontok na lumabas kamakailan lamang

It is hoped that for Bontok people seeking to enrich

their understanding of English, and for linguists, anthropologists, missionaries and others who wish to gain a fuller understanding of the language and culture of Bontok, this volume Bontok dictionary will be a useful tool.

6. Layunin ng mga Pilipino

Bilang huling parte ng aking report ngayon, gusto kong diskasin ang paggawa ng ilang Pilipino sa ngayon ng mga diksyunari ng mga wika natin at ang pagbabago nila sa oryentasyon at direksyon ng leksikograpi sa Pilipinas. Ang pangyayaring ito'y kamakailan lang nag-umpisa at ang mga diksyunaring resulta ng pangyayaring ito'y unti-unti nang lumalabas.

Nakita natin sa katatapos na diskasyon na ang direksyon ng leksikograpi sa Pilipinas ay papunta sa pag-aaral ng mga Pilipino ng banyagang wika at hindi ng kanilang mga wika. Naniniwala ako na dapat baguhin ang direksyong ito, at naniniwala rin ako na ang mga Pilipino ang pinakamabuting gumawa sa pagbabagong ito.

Kaugnay ng paggawa ng mga Pilipino ng mga diksyunari ng mga wika natin, tingnan natin kung ano ang dapat na maging direksyon ng leksikograpi sa Pilipinas. Sa partikular, ano ang dapat na layunin ng mga Pilipino sa paggawa nila ng mga diksyunari ng kanilang mga wika?

Sa aking pagtingin, ang mga sumusunod ang mga layunin ng ilang Pilipino na kasalukuyang gumagawa ng mga diksyunari ng ating mga wika. Naniniwala ako na ang mga ito ang dapat na layunin ng mga Pilipino sa leksikograpi.

Ang unang layunin ng mga Pilipino sa leksikograpi ay ang paggawa ng mga diksyunari na makakatulong sa atin sa pag-aaral at paggamit ng ating wikang pambansa. Para sa layuning ito, kailangang gumawa tayo ng mga bilinggwal na diksyunari mula sa iba't ibang wika natin tungo sa at mula sa ating wikang pambansa tungo sa iba't ibang wika natin. Kailangang gumawa din tayo ng unilinggwal o monolinggwal na diksyunari sa wikang pambansa.

Ang ikalawang layunin ng mga Pilipino sa leksikograpi ay ang paggawa ng mga diksyunari na makakatulong sa mga Pilipino sa pag-aaral at paggamit nila sa mga sariling wika nila at lalo na sa mga linggwa prangka o rihyunal na wika. Ang pag-aaral ng mga wikang ito ay dapat na sa pamamagitan ng wikang pambansa at hindi sa pamamagitan ng

Ingles o anumang banyagang wika. Para sa layuning ito, kailangang gumawa tayo ng mga bilinggwal na diksyunari mula sa ating wikang pambansa tungo sa iba't ibang wika natin.

Ang ikatlong layunin ng mga Pilipino sa leksikograpi ay ang paggawa ng mga diksyunari na makakatulong sa pagsasalin sa wikang pambansa ng mga mahahalagang materyales na nasa mga ibang wika natin, at ganoon din ng mga materyales na nasa wikang Ingles. Para sa layuning ito, kailangang gumawa tayo ng mga bilinggwal na diksyunari mula sa iba't ibang wika natin at sa Ingles tungo sa ating wikang pambansa.

Sa aking palagay, ang tatlong layuning ito ang pinakaimportanteng layunin ng leksikograpi sa Pilipinas para sa ikabubuti at ikauunlad ng mga Pilipino. At ang mga Pilipino ang dapat manguna sa pagsasagawa ng mga layuning ito.

7. Sagot sa tanong

Ngayon, sasagutin ko na ang tanong kung saan papunta ang mga diksyunari ng mga wika ng mga Pilipino. Ang mga diksyunaring gawa ng mga dayuhan ay patuloy na papunta sa direksyon ng wikang Ingles palabas ng Pilipinas. Sa kabilang dako, ang mga diksyunaring gawa ngayon o kasalukuyang ginagawa ng mga Pilipino ay papunta sa wikang pambansa at sa ating mga sariling wika. papasok sa lahat ng dako ng Pilipinas. Naniniwala ako na ang huling direksyon, ang papunta sa Pilipinas, ay patuloy na lalakas at lalawak dahil sa makikita at malalaman na rin ng mga Pilipino na ito ang direksyon na mula sa kanila, papunta sa kanila, at para sa kanila.

Summary in English:

The paper is limited to the purposes and uses of the dictionaries of Philippine languages, past, present and future. It pays less attention to their other aspects (e.g., number, type, form, content) because these are secondary to and are based on the purposes for which dictionaries are made.

With very few exceptions, most dictionaries of Philippine languages were made by Spanish friars in the Spanish era. They were bilingual, and many were of the vernacular to Spanish type; the rest were Spanish to the vernacular. They were made to help the friars learn the inhabitant's language but not vice versa. This was a way of

making the indios obedient Christians in their own language. Also, this was to prevent them from learning a language which might unify them.

In the early years of American rule, Spanish to vernacular dictionaries were still published. This time, they were made by Filipinos learned in Spanish, and were designed to help researchers in their study of the Philippine languages. Of course, during this period English to vernacular and vernacular to English dictionaries were also published. This time, such dictionaries were made by Americans and Filipinos.

During the American rule, there came about a stronger movement for Tagalog as the national language. Studies on this language were made but, ironically, no Tagalog dictionary came out except for *A National Language — English Vocabulary* and this was made by the Institute of National Language.

After the last war, the printing of English to vernacular dictionaries again increased. During this time, there appeared many bilingual and trilingual dictionaries in line with studies made on Philippine languages, especially Tagalog.

Three observations are made from the above discussions. First, most of the makers of the dictionaries of the Philippine languages were foreigners, especially the missionaries; only a handful were Filipinos. Second, the Spanish friars made dictionaries for the use of other friars in the study of our languages. Third, dictionaries from the time of the Americans to the present were made for Filipinos wishing to study English and only secondarily for English speaking researchers wanting to study Filipino.

Lexicography in the Philippines must take on a different direction and orientation. The new breed of Filipino dictionary makers must make bilingual dictionaries of the national language to other Philippine languages, and of Philippine languages to the national language. A monolingual dictionary of the national language should also be made. Dictionaries must also help in the study and use of our own language, especially the regional tongues. Finally, dictionaries of the national language to English and the vernaculars must be made to help researchers in their translation of important materials in our other languages and in English, to the national language. Dictionaries must therefore be made to have not an outward but an inward movement, from, to, and for the Filipino.

SIKOLINGGWISTIKANG PILIPINO: PANANAW AT TUNGUHIN*

Virgilio Enriquez

Departamento ng Sikolohiya

Unibersidad ng Pilipinas

Isa sa mga kaunaunahang pagkakabanggit sa anumang kaugnayan ng sikolohiya at ng wika sa kontekstong Pilipino ang pagkakabanggit dito ni Aguinaldo noong 1898 nang kaniyang pasalamatan ang tinawag niyang "los psicologos del verbo Tagalog" sa kaniyang mensahe sa pagbabukas ng Pambansang Asambleya sa Malolos, Bulacan. Matapos noon, napakadalang na makita o madinig ang pagkakaugnay o pagkakasama ng dalawang kataga o larangan — sikolohiya at wika.

Mga Ugat ng Sikolinggwistikang Pilipino sa Kasaysayan ng Sikolohiya sa Pilipinas.

Ang mga ugat ng sikolinggwistikang Pilipino sa kasaysayan ng sikolohiya sa Pilipinas ay maaaring taluntunin sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa pagbabalik ni Agustin Alonso mula sa Unibersidad ng Chicago noong 1925 na kung saan, ang kanyang pagsusumikap sa larangan ng sikolohiya ay hindi nakatuon sa wika bagkus ang wika ay kinilala bilang limitasyon lamang sa larangan ng sikolohikal na pagsukat. Sa aklat ni Manuel Carreon (1923) na pinamagatang *Philippine Studies in Mental Measurement*, iniulat na kapansin-pansin na noon pa mang panahong yaon ay hindi matanggap ng mga "educational psychologists" ang mga "psychological test" para sa mga Pilipino na niyari o inihanda sa kulturang kanluranin at sa wikang Ingles. Subalit ang ginamit nila noon ay isang napakasimpleng solusyon lamang at ito ay sa pamamagitan ng pagpapalit ng nilalaman ng mga panukat na sikolohikal na kung saan, kung nagkataong binanggit halimbawa ang mansanas, ito ay pinaalitan ng saging. Ang wika ay naging isyu noong bandang 1928 sa pag-aaral hinggil sa pagkatao at sikolohiyang pang-edukasyon sa kamay ni Isidoro Panlasigui, dating tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya sa Kolehiyo ng Edukasyon noong kanyang panahon. Para sa kanya, higit na naaangkop ang paggamit ng wikang Ingles bilang isang wikang internasyonal. Gayon pa man, ang interes sa wika bilang isang paksa sa sikolohiya ay hindi naging napakahalaga para sa mga sikolohista. Ang pinagtatalunan ay kung anong wika ang gagamitin, at hindi kung ano ang kalikasan at kahalagahan ng wika sa pag-unawa sa kilos at damdamin ng tao. Noong 1930 si Sinforoso Padilla ay nanguna sa pagsulong ng sikolohiya sa larangan ng pagpapayo at pamamatnubay — kilalang higit sa tawag na "guidance" at "counselling" at dito, ang ginamit na